Ang BSP ay nagtatakda ng *overnight rates*, kabilang ang *RRP rate* na kilala rin bilang *KEY POLICY RATE*.


**BSP Overnight Rates**

Overnight Reverse Repurchase (RRP) Rate
Overnight Deposit Facility (ODF) Rate
Overnight Lending Facility (OLF) Rate




Ito ang interes sa paghiram ng BSP sa mga bangko para mapanatili ang *price stability*.

Maaaring itaas o ibaba ng BSP ang *key policy rate*. Nakapagbibigay ito ng senyales sa merkado hinggil sa pangkalahatang antas ng interes.






Sa paggalaw ng *key policy rate* ng BSP, umaayon dito ang *benchmark 91-day T-bill rate* at itinatakda ang direksyon para sa iba pang rates, kagaya ng *bank lending rates*.




**ANG *KEY POLICY RATE* NG BSP AY NAKAIIMPLUWENSYA SA INTERES SA MERKADO.**

# PAANO NAKAAAPEKTO SA MGA MAMIMILI AT NEGOSYANTE ANG INTERES?

## Kahalagahan ng Interes sa Ekonomiya



nakaiimpluwensya sa paggastos ng mga mamimili at negosyante




nakaiimpluwensya sa halaga ng pag-utang

| SENARYO | EPEKTO | | | |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |
| Mataas ang interes | Mas mahal umutang sa bangko | Mababawasan ang pag-utang at paggastos | Posibleng pagbawas ng tauhan o makinarya | Pagbaba sa pagiging produktibo |


# PAANO NAKAAAPEKTO SA MGA MAMIMILI AT NEGOSYANTE ANG INTERES?

## Kahalagahan ng Interes sa Ekonomiya

- nakaiimpluwensya sa halagang kikitain sa pag-iimpok
- nagbibigay ng indikasyon sa pwedeng maging *return on investment*
- nagbibigay ng indikasyon sa magiging tayo ng ekonomiya at *financial markets* sa hinaharap

| SENARYO | EPEKTO | | SENARYO | EPEKTO | |
|---|---|---|---|---|---|
| Mataas ang interes | Mahihikayat ang tao mag-impok | Mataas ang maaaring tubo/kita | Mababa ang *cash on hand*; bababa ang demand | Mababa ang benta at perang umiikot sa merkado | Bumabagal ang ekonomiya |


Ang BSP ay maaaring magtaas, magbaba, o hindi magbago ng kanyang ***KEY POLICY RATE***.




Nakapagbibigay ang *key policy rate* ng **senyales** sa merkado hinggil sa pangkalahatang antas ng interes.

# ISANG MAARING *POLICY ACTION* NG BSP AY ANG **PAGTAAS** NG *KEY POLICY RATE.*

## SENARYO



Mas mataas ang tinatayang *inflation rate* kaysa sa *target* o tumitindi ang *inflationary pressures* sa sobrang dami ng perang umiikot sa ekonomiya

## AKSYON NG BSP




Itataas ng BSP ang *key policy rate*

## EPEKTO




Mahihikayat ang mga bangko na magdeposito sa BSP




Tataas ang *bank lending rates*



Mababawasan ang pag-utang




Mababawasan ang perang umiikot sa ekonomiya o *money supply* na makapagpapahina sa kabuuang *demand*



Kapag mababa ang *overall demand*, mahina ang mga presyur na makapagpapataas sa presyo ng mga bilihin

# MAARI RING ANG *POLICY ACTION* NG BSP AY ANG PAGBABA NG *KEY POLICY RATE.*

## SENARYO



Mas mababa ang tinatayang *inflation rate* kaysa sa *target* o kailangang dagdagan ang pera sa *financial system*

## AKSYON NG BSP



Ibababa ng BSP ang *key policy rate*

## EPEKTO





Babawasan ng mga bangko ang kanilang deposito sa BSP




Bababa ang *bank lending rates*



Madaragdagan ang pag-utang



Madaragdagan ang perang umiikot sa ekonomiya o *money supply* na makapagpapalakas sa kabuuang *demand* at makadaragdag sa mga *economic activities*

Maaari rin namang hindi baguhin o i-maintain lamang ng BSP ang umiiral na *key policy rate* kung ayon sa pagsusuri nito ay walang problema sa *inflation* o sa ekonomiya, o kung sa pagtataya nito ay sapat na ang nagawang pagbabago sa nakaraan nitong pagdedesisyon.

